Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-31 NG ENERO, 2019.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. GILBERT T. GATCHALIAN | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NOEL G. PINEDA | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. ALMA A. GATCHALIAN | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. YOLANDA B. AZADA | " |
| KGG. BERNARDO B. OPLE, JR. | " |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. CHRISTIAN P.C. BAUTISTA | Kasangguni |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 07-2019

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGPAPALIT-NGALAN NG LINGKOD LINGAP SA PAMILYA (LLP) BILANG BARANGAY POPULATION WORKER (BPW) ALINSUNOD SA ITINATAGUBILIN NG EXECUTIVE ORDER NO. 12 S.2017 SA LUNGSOD NG MALOLOS.

AKDA NI: IGG. NINO CARLO C. BAUTISTA

TALA NG PALIWANAG

SAPAGKAT, alinsunod sa itinatagubilin ng Seksyon 3 ng *Executive Order No. 12 s. 2017* ang pagbalangkas ng mga polisiya, programa at proyekto ng Pamahalaang Lokal upang masusing maipatupad ang mga nilalaman ng Batas Republika Blg. 10354 o mas kilala sa taguring *Responsible Parenthood and Reproductive Health Act of 2012* o RPRH Law;

SAPAGKAT, kinikilala ng estado ang karapatan ng mga mamamayan nito ukol sa pagkakaroon ng sapat na kaalaman sa mga metolohiya ng pagpaplano ng kani-kanilang pamilya at buhat sa mga kaalamang ito ay makakapagdesisyon ang bawat pamilyang Pilipino alinsunod sa kanilang malaya at mapanagutang paglilimi;

SAPAGKAT, bahagi ng labing pitong (17) usapin na nakapaloob sa *Sustainable Development Goal* na inilatag ng *United Nations* (UN) ang pagsisiguro ng pagbibigay ng programa ukol sa *sexual* at *reproductive health* sa bawat Pilipino;

SAPAGKAT, pangunahin sa layunin ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos ang pagbibigay ng tulong, kaalaman, programa at proyekto para sa matalino at responsableng pagpaplano ng pamilya;

SAPAGKAT, malaki ang ginagampanang tungkulin ng mga itinalagang Lingkod Lingap sa Pamilya (LLP) sa ilalim ng Tanggapan ng Paglilingkod Lipunan at Pagpapaunlad sa katuparan ng mga adhikain ng Lungsod para sa mas ika-uunlad ng mga mamamayan nito;

SAPAGKAT, batay pa rin sa Seksyon 3(a) ng E.O. 12 s. 2017 ang paglikha ng mga Barangay Population Worker (BPW) sa bawat barangay na nasasakupan ng teritoryong hurisdiksyunal ng pamahalaang lokal;

Sa pamamagitan ng mungkahi ni IGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, na sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng dito'y ginagawang pagpapasiya na ang pagkakakilanlan ng Lingkod Lingap sa Pamilya (LLP) ay magiging Barangay Population Worker (BPW) sa Lungsod ng Malolos alinsunod sa itinatagubilin ng Executive Order No. 12 s. 2017 ng Pangulong Rodrigo Roa Duterte.

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NOEL G. PINEDA**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. ALMA A. GATCHALIAN**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. YOLANDA B. AZADA**
KASANGGUNI

**KGG. BERNARDO B. OPLE, JR.**
KASANGGUNI

***KGG. CHRISTIAN P.C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

***KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

***KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer III**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**INH. GILBERT T. GATCHALIAN**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo
**wala sa panahon na pinagtibay ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod

*DhorieTrogo(SDC2)*013119